



**Sofbats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

**BIGYAN NG RESPETO ANG MGA BANAL**

*Assalamu Alaykum wa Rahmatullah wa Barakatuh,  
Auzu Billahi Minashaytanir Rajeem. Bismillahir Rahmanir Raheem,  
Wassalatu Wassalamu ala Rasulina Mubammadin Sayyidul Anwalin wal Akbirin,  
Madad Ya Rasulallah, Madad Ya As'habi RasuLillah, Madad Ya Mashayikhina,  
Shaykh Abdullah Daghestani, Shaykh Nazim al-Haqqani. Dastur.  
Tariqatunas sobba, wal khayru fil jamiyya.*

Ang isang muslim ay alam ang kanyang hangganan. Nirerespeto niya ang ang mga nakakatanda sa kanya. Maraming kagandahan at kabutihan sa kasaysayan ng Islam. Kailangan nating alalahanin ang mga magagandang kasaysayan na ito. Wag mo silang pagsalitan ng masama. Ito'y dahil kahit tayo ay puno ng pagkakamali at pagkukulang.

Maraming banal na tao ang dumating sa kasaysayan ng Islam. Sila'y pinupuri ng 500 o 1000 daon kahit na wala na sila. Pero maraming mga tao ngayon na naghahanap ng mga pagkakamali nila kaysa tignan na lamang ang kabutihang nagawa ng mga nakakatanda dati.

Marami silang masamang intension dahil di nila matanggap na nirerespeto ang mga banal na nakakatanda dati ng napakatagal, ayaw nila ito at mas lalong ayaw ng Shaytan. Sinasabihan sila ng shaytan na wag respetuhin ang mga yumaong nakakatanda at wag silang tanggapin. Di nila alam na ang mga pinagsasalitaan nila ng masama ay mga mahal ng Allah, pinakita nila ang daan papunta sa Allah. Kalaban sila ng Shaytan. Kaya mag-ingat tayo sa sinasabi ng mga tao.

Ang mga banal na nakakatanda dati ay nirerespeto mula sa simula. Mayroon ding mga tao na kabaliktaran, puno ng kasaman at ayaw sa kanila ng Allah pero ang mga tao ngayon ay pinupuri pa sila. Napakaraming banal na tao at ulama pero di sila binabanggit ngayon dahil karamihan sa mga tao ay pinupuri ang masama at muftadi.



**Sofbats by**  
**Hadrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil al-Hakkani**

Sabi ng ating Banal na Propeta Muhammad alayhis salatu was salam “Ang aalis sa tamang daan ay mawawala, magiging muftadi at mapupunta sa Impiyerno!” Kaya mag-ingat tayo sa mga ginagamit ng shaytan dahil marami na ito, nagiging mahina na ang iman ng Ummah at maraming sumusunod sa kasamaan. Tapos sila pa ay gumagawa ng panghuhusga sa iba kahit na wala silang alam at karapatan. Sinasabi nila ang gusto ng Nafs at Shaytan. Pinapakita nila sa tao at pinapasunod sa yapak ng mga taong nawala sa tamang landas.

Kaya mag-ingat tayo. Kailangan nating respetuhin ang marangal sa paningin ng Allah. Di natin dapat puriin ang mga silang manghuhusga sa kanila. Nawa’y di tayo tanggalin ng Allah sa tamang landas at nawa’y makasama natin ang mga mabubuting tao at mahalina sila In Sha Allah.

Wa Minallah at-Tawfeeq. Al-Fatiha.

Hazrat Shaykh Muhammad Mehmet Adil  
5 January 2017/7 Rabiul Akhir 1438  
Sabah Namaz, Akbaba Dargah